# Kailangang magsagawa ka ng maraming pagpapatirapa sapagkat tunay na ikaw, sa tuwing magpapatirapa ka kay Allāh ng isang patirapa, ay mag-aangat si Allāh dahil doon ng isang antas at magbabagsak Siya mula sa iyo ng isang kasalanan.

Ayon kay Thawbān, malugod si Allāh sa kanya: "Kailangang mamalagi ka sa maraming pagpapatirapa sapagkat tunay na ikaw, sa tuwing magpapatirapa ka kay Allāh ng isang patirapa, ay mag-aangat si Allāh dahil doon ng isang antas at magbabagsak Siya mula sa iyo ng isang kasalanan."
[Tumpak.] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim.]

Ang dahilan ng ḥadīth na ito ay na si Ma`dān bin Talḥah ay nagsabi: “Pumunta ako kay Thawbān at nagsabi ako: Magpabatid ka sa akin ng isang gawaing gagawin ko na papapasukin ako ni Allāh dahil doon sa Paraiso – o sinabi niya: ng pinakakaibig-ibig sa mga gawain para kay Allāh. Nanahimik siya. Pagkatapos ay tinanong siya at nanahimik na naman siya. Pagkatapos ay tinanong siya nang ikatlong [tanong] at nagsabi siya: Tinanong ko tungkol doon ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at nagsabi siya: "Mamalagi ka sa maraming pagpapatirapa sapagkat tunay na ikaw, sa tuwing nagpapatirapa ka kay Allāh ng isang patirapa, ay mag-aangat si Allāh dahil doon ng isang antas at magbabagsak Siya mula sa iyo ng isang kasalanan." Sa wakas nito: "At nakatagpo ko si Abū Ad-Dardā’ at tinanong ko siya at nagsabi siya sa akin ng tulad ng sinabi ni Thawbān. Ang kahulugan ng sabi Niya,, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na "Mamalagi ka sa maraming pagpapatirapa ay nangangahulugang panatilihin mo ang pagsasagawa ng maraming pagpapatirapa. "sapagkat tunay na ikaw, sa tuwing magpapatirapa ka kay Allāh ng isang patirapa, ay mag-aangat si Allāh dahil doon ng isang antas at magbabagsak Siya mula sa iyo ng isang kasalanan" ay gaya ng ḥadīth ayon kay Rabī`ah bin Ka`b Al-Aslamīy. Nagsabi ito sa Propeta,, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: "Hinihiling ko sa iyo na makasama ka sa Paraiso." Nagsabi siya: "Tulungan mo ako para sa iyo sa pamamagitan ng maraming pagpapatirapa." Ayon kay `Ubādah bin Aṣ-Ṣāmit, malugod si Allāh sa kanya, narinig niya ang Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, na nagsasabi: “Kapag ang isang lingkod ay nagpatirapa kay Allāh ng isang pagpapatirapa, magsusulat si Allāh para sa kanya dahil doon ng isang magandang gawa, magbubura Siya dahil doon ng isang masagwang gawa, at mag-aangat Siya para sa kanya dahil doon ng isang antas. Kaya damihan ninyo ang pagpapatirapa.” Ang pagpapatirapa kay Allāh, pagkataas-taas Niya, ay kabilang sa pinakamainam sa mga pagtalima at sa kapita-pitagan sa mga ipinanglalapit [kay

Allāh] dahil nagaganap dito ang sukdulang pagpapakumbaba at ang pagpapakaaba kay Allāh, pagkataas-taas Niya, at nagaganap dito ang paglalapag ng pinakamahal sa mga bahagi ng tao at pinakamataas sa mga ito, ang mukha, sa lupa na inaapakan at hinahamak. Pagkatapos ang ibig sabihin ng pagpapatirapa rito ay ang napaloloob sa pagdarasal hindi ang mag-isang pagpapatirapa sapagkat ito ay hindi ipinahihintulot dahil sa kawalan ng nagpapatunay sa pagiging isinasabatas niyon. Ang pangunahing patakaran sa mga pagsamba ay ang paghahadlang at ang pagbabawal malibang mayroong dahilan [gaya ng] pagpapatirapa sa pagbigkas ng Qur'an (sujūd at-tilāwah) o pagpapatirapa ng pasasalamat dahil may nasaad na pagbabatas tungkol doon. Pagkatapos ay nilinaw ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, kung ano ang makakamit ng tao na gantimpala kapag nagpatirapa siya: magkakamit siya ng dalawang dakilang pakinabang. Ang unang pakinabang ay na si Allāh ay mag-aangat sa kanya dahil doon ng isang antas. Ibig sabihin: isang antas sa ganang Kanya at sa mga puso ng mga tao. Gayon din sa matuwid na gawa mo, iaangat ka ni Allāh dahil dito ng isang antas. Ang ikalawang pakinabang ay magbabagsak Siya mula sa iyo ng isang kasalanan. Ang tao ay nagkakamit ng kaganapan sa pamamagitan ng paglaho ng kinasusuklaman niya at pagtamo ng naiibigan niya. Ang pag-angat ng mga antas ay kabilang sa naiibigan ng tao at ang pag-angat ng mga kasalanan ay kabilang sa kinasusuklaman ng tao. Kaya kapag nag-angat para sa kanya ng isang antas at nagbagsak mula sa kanya ng isang kasalanan, nagtamo nga siya ng hinihiling niya at naligtas nga siya sa kinaririndihan niya.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3732

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee